



Sa pagmumuni-muni

Pagsuporta sa mga pamilya na sumali sa programa sa donasyon ng organ at tissue



© Organ & Tissue Authority 2020

Ang booklet na ito ay ginawa sa pakikipagtulungan sa mga ahensiya ng DonateLife bilang mga orihinal na may-akda.

T 02 6198 9800

F 02 6198 9801

E enquiries@donatelifelife.gov.au

www.donatelifelife.gov.au

Ang Himala ng Buhay

Ngayong araw, nakasaksi ako ng mga hindi kapanipaniwalang bagay. Ngayong araw, nakakita ako ng himala! Nakita ko ang pagsikat ng araw. Nakita kong tumatawa ang isang bata. Nakita ko ang isang pamilya na humahalik sa isa't isa. Nakita ko ang isang bulaklak sa aking hardin. Ang bawat isa sa mga ito ay isang himala, dahil sila ay himala ng aking buhay.

At araw-araw sa nakalipas na labimpitong taon, nasisiyahan ako at pinapahalagahan ko ang pangalawang pagkakataon sa buhay na ibinigay sa akin ng transplantasyon ng organ.


Sa ngalan ng lahat ng tumanggap ng transplant, gusto kong magpasalamat sa lahat ng taong nagbigay ng donasyon ng mga tissue at organ. Sa kanilang pagmamahal sa buhay at desisyon na tumulong sa ibang tao sa oras ng kanilang kamatayan, patuloy silang nagbibigay ng buhay sa ibang tao.

Kilalanin at pasalamatan natin ang lahat ng mga pamilya ng lahat ng donor. Mga tao na, sa panahon ng trauma na lagpas sa imahinasyon ng karamihan, ay may lakas at pakikiramay upang tumanaw lagpas sa trahedya; na gumalang sa desisyon ng kanilang mga mahal sa buhay o gumawa ng mga desisyon na ngalan nila; upang pahintulutan ang iba na mabuhay ng isang buhay at magkaroon ng kalidad ng buhay na kung walang donasyon ay baka hindi naging posible.

Araw-araw nagpapasalamat ako sa dalawang tao na nagmahal nang sapat upang bigyan ako, na isang ganap na estranghero, ng puso na tumitibok nang walang paltos upang matanaw ko ang pagsikat ng araw; nararamdaman ko ang init ng isang yakap; naaamoy ko ang halimuyak ng isang bulaklak; natitikman ko ang pagkasariwa ng isang prutas; at naririnig ko ang tawa ng isang bata.

Ito ang mga araw-araw na himala ng buhay na binabalewala lang ng karamihan ng tao. Ang karaniwan sa ibang tao ay pambihira para sa akin.

Fiona Coote



**“Kapag ikaw ay nalulungkot,
muling tingnan ang iyong
puso, at makikita mo
doon ang katotohanan,
iiyak ka para sa isang
bagay na nagbigay sa iyo
na kasiyahan.”**

Kahlil Gibran

Kuwento ng Isang Pamilya ng Nagbigay ng Donasyon

Namatay ang aking Ama sa unang bahagi ng 2014. Ngayong araw, at para sa darating pang mga taon, mamumuhay kami sa sitwasyong wala na siya at kahit na ang sakit na nararamdaman namin ngayon ay hindi kasinsakit ng sariwang pagkabigla at hindi pagtanggap ng kanyang kamatayan noon, palagi pa ring naririto ang pakiramdam ng kawalan. Subalit, masuwerte pa rin ang turing ko sa aking sarili dahil maginhawa ang aking pakiramdam dulot ng kaalamang organ donor ang aking ama at para siyang bayani sa maraming tao, kasama na ako.

Ang takot na hindi mo na muling maririnig o makikita ang iyong mahal sa buhay ay nakapanlulumo. Sa kanyang huling gabi, naglaro ang aking Ama ng cricket sa dalampasigan, tumatawa kasama ng kanyang mga anak na babae habang kumakain ng shortbread ice cream na gawa sa bahay, at nanood ng 'The Hobbit' kasama ng kanyang anak na lalaki at asawa. Isa itong perpektong katapusan sa isang napakaningning na buhay, na tila dinisenyo niya mismo ang kanyang huling gabi kasama kami. Pero sa loob ng ilang oras, nakaharap namin ang tanong kung ibibigay namin o hindi ang kanyang mga organ bilang donasyon. Tila malupit isipin kung ganito ang pagkasabi, pero sa mga taong nangangailangan ng pangalawang pagkakataon sa buhay, ang lahat ay magdedepende talaga sa oo o hindi.

Naniniwala akong hindi pa ako nakaranas ng ganoong kabaitan na naranasan ko mula sa mga doktor at nars sa ospital. Umiyak sila kasama namin habang nagpapaalam kami sa aking ama, hinawakan nila ang aming mga kamay habang nakaupo kaming nabibigla, at napakamagalang ng pagtrato nila kay Tatay sa buong proseso. Ngayon namumuhay kaming maginhawa dahil sa desisyong ginagawa namin. Nagbibigay ito sa amin ng pag-asa laban sa katapusan ng kamatayan at mula sa aming dalamhati lumitaw ang kakayahang naming makatulong na maiwasan ng ibang pamilya ang pagdanas ng pighati na dinanas namin.

Ang donasyon ng organ ay isang magandang gawain, at isang nagmumula sa isang napakalaking trahedyang. Marahil ito ang pinakamahalagang regalo sa lahat at nagpapaalala sa akin kung bakit napakahalaga ng buhay ng aking Ama. Para sa mga taong nakatanggap ng organ at para sa mga taong ginawa itong posible, malaki ang pasasalamat ko sa inyo. Espesyal ang lugar mo sa aking puso dahil pinahintulutan mong patuloy na nabubuhay ang aking Ama.

Dedikasyon

Ang librong ito ay para sa lahat ng mga donor ng organ at tissue at kanilang mga pamilya na, dahil sa kanilang kabutihang-loob, ay napabago ang mga buhay ng ibang tao dahil sa transplantasyon.

Kinikilala rin nito ang mga taong ang kagustuhang maging donor ay hindi maisakatuparan.

Panimula

Sinulat ang librong ito upang tulungan ang mga pamilya at kanilang mga kaibigan na nakaranas ng kamatayan ng taong mahal nila. Nilakip namin ang impormasyon tungkol sa donasyon ng organ at tissue na maaaring sasagot sa anumang nalalabing katanungan.

Ang mga pamilya ng donor at mga tumanggap ng transplant ay bukas-palad na umambag sa librong ito sa pamamagitan ng pagbahagi ng kanilang mga personal na kuwento. Kahit na hindi mo gustong basahin ang lahat ng ito ngayon, makakakuha ka ng ilang impormasyon tungkol sa dalamhati at pangungulila na inaasahan namin na tutulong sa iyo na maintindihan kung ano ang aasahan sa iyong indibidwal na biyahe.



Unang Seksyon

Dalamhati

Ano ang dalamhati?	8
Paano makakaapekto ang dalamhati sa akin?	9
Ang mga bata at dalamhati	13
Paano kakayanin ang mga anibersaryo at mga espesyal na araw?	14

Ano ang dalamhati?

Ang kamatayan ng taong mahal natin ay isang pangkalahatang karanasan at ang mga pakiramdam ng dalamhati na kasama ng pagkawala ng mahal sa buhay ay hindi maiiwasan. Lalong mahirap kung biglaan o hindi inaasahan ang kamatayan at walang oras upang maghanda – walang oras na makapagsabi ng paalam.

Maaaring mabigla ka, malito at matakot. Biglang magbabago ang pagtanaw mo sa mundo. Inalog ang iyong pakiramdam ng kaligtasan at seguridad, at pumapalit ang pakiramdam na nasa isang 'hindi makatotohanang mundo' ka. Maaaring magkaroon rin ng pakiramdam ng galit at matinding pangangailangan na sisihin ang isang tao sa nangyari.

Maraming kadahilanan ang makaka-impluwensiya sa epekto ng kamatayan sa iyo. Kabilang dito ang edad ng, relasyon sa, taong namatay pati na ang sitwasyon ng pagkamatay.

Paano makakaapekto ang dalamhati sa akin?

Mahalagang maging mulat na walang partikular na 'pattern' sa dalamhati. Walang itinakdang limitasyon sa panahon kung kailan dapat 'mas mabuti na ang iyong pakiramdam' at walang itinakdang pagkasunud-sunod ng mga 'yugto'. Bilang mga indibidwal, lahat tayo ay magkakaiba sa paraan sa pagkaya nito. Subalit, may ilang reaksiyon na karaniwang nararanasan ng mga nangungulilang tao. Nilista namin ang ilan sa kanila sa ibaba na maaaring makilala mo sa iyong sarili, at ilan din na maaaring gusto mong isaalang-alang. Ganap na normal na maranasan ang alinman sa mga ito.

Emosyonal

- Kadalasan, ang pamamanhid at pakiramdam ng di-makapaniwala ay tutulong sa iyong kayanin ang unang ilang araw o linggo. Huwag magulat kung maging mas masahol ang pakiramdam kung nawala ang pamamanhid na iyon.
- Normal lang ang matinding paghahangad at kalungkutan para sa iyong mahal sa buhay.
- Ang mga pakiramdam ng pagkabalisa, takot o panic ay karaniwan ring tugon.
- Kilalanin na ang galit ay isang normal na bahagi ng dalamhati.
- Bigyang pahintulot ang iyong sarili na magdalamhati – huwag subukang maging malakas para sa lahat ng taong nakapaligid sa iyo.
- Pahintulutan ang mga tao na malaman kung paano sila makakatulong – gamit ang mga praktikal na gawain pati na ang pagbibigay ng emosyonal na suporta.
- Maaaring magbago ang iyong pakiramdam mula sa pangangailangan ng makakasamang ibang tao at kagustuhang magkaroon ng kaunting oras na mag-isa. Maging bukas sa tao – ipaalam ang mga pangangailangan mo.
- Maaaring mahirap magtuon ng pansin sa mahabang panahon kahit sa mga simpleng gawain – huwag masyadong taasan ang inaasahan mo sa iyong sarili.
- Maaaring makaranas ka ng matinding emosyon sa panahon ng pangungulila, na maaaring maka-alarma sa iyo. Hindi ito di-karaniwan, pero kung nag-aalala ka sa tindi at tagal ng iyong damdamin, huwag matakot na humingi ng propesyonal na tulong.
- Ang ilang tao ay maaaring makaranas ng mga panaginip na pagdadalamhati bilang bahagi ng kanilang pagtugon sa dalamhati.

Pisikal

- Lalong mahalaga na hindi kaligtaan ang iyong sariling kalusugan. Napasailalim ka sa sobrang stress at mas madaling kapitan ng mga sakit. Maaaring makaramdam ka na pagod na pagod ka.
- Ang ilang tao ay maaaring makaramdam na may sakit na pisikal, makaranas ng matinding pananakit o kawalan ng ginhawa, makaranas ng mga problema sa sistemang pantunaw ng pagkain, kawalan ng sigla, kawalan ng pagtuon ng pansin, o magkaroon ng pagkaiba-iba ng timbang.
- Subukang kumain ang mabuti, kahit na hindi ka masisiyahan dito.
- Ang pattern ng iyong pagtulog ay malamang magambala. Subukang maglaan ng oras sa araw upang makapagpahinga kung maaari mong gawin ito.
- Iwasan ang sobrang alak, droga, o iba pang mga nakakapinsalang bagay.
- Kung may mga sintomas ka na nakakabahala sa iyo, humingi ng payo mula sa iyong lokal na doktor.

Panlipunan

- Ang iyong mga kaibigan at pamilya ay kadalasang mas mataas ang suporta sa maagang yugto ng iyong pangungulila pero maaaring mabawasan ito sa paglipas ng panahon. Mahalaga na maabot sila para makatulong sila kung kailangan mo ito. Huwag maghintay na hulaan nila ang iyong mga pangangailangan. Madalas mali ang magiging hula nila at huli na.
- Ang dalamhati ay maaaring makakasama sa mga relasyon dahil ito ay pangunahing karanasan ng isang indibidwal. Ang mga malalapit na relasyon ay maaaring tumindi o lumayo, kung kaya't maging mulat sa kirot at kawalan ng bawat isa, at makinig sa sinasabi ng bawat isa.
- Ang mga pagtitipon at salu-salo ay maaaring magdulot ng mga pakiramdam ng pagkabalisa lalo na sa mga unang linggo o buwan. Maging mabait sa iyong sarili at piliing makasama ang mga taong pinagkakatiwalaan mo.
- Sa panahon ng pagdadalamhati, maaaring maging mahirap na pagdesisyonan ang mga bagong relasyon. Mahirap makita ang mga bagong relasyon sa obhektibong paraan kung aktibo ka pang pagdadalamhati. Walang makakapalit sa iyong pumanaw na mahal sa buhay. Subukang tamasahin ang tao bilang sila.

Pinansyal

- Iwasan ang mga minamadaling desisyon. Subukang huwag magsagawa ng malalaking desisyon sa buhay sa loob ng unang taon maliban kung talagang kinakailangan.
- Sa pangkalahatan, mainam para sa karamihan ng mga tao na manatili sa pamilyar na mga paligid hanggang maaari na nilang isaalang-alang ang kanilang hinaharap nang mas mahinahon.
- Huwag matakot na humingi ng payo mula sa isang taong pinagkakatiwalaan mo

Espiritwal

- Ang personal na pananampalataya ay maaaring mabuting pagkukunan ng ginhawa sa panahon ng pangungulila.
- Ang ilang tao ay maaaring makaranas ng panaginip, o hawak, o pakiramdam ng binisita sila ng taong namatay, at maaari itong makapagbigay ng ginhawa sa kanila.
- Habang nagdadalamhati tayo, aktibo nating isaalang-alang at muling tatasahin ang ating mga paniniwala at pananaw tungkol sa paano gumagana ang mundo at ang ating lugar sa kalagayan ng tao.
- Maaaring mahihirapan tayo sa kahulugan ng pagkamatay ng ating mahal sa buhay sa ngayon.
- Ang ilang tao ay maaaring makaharap ng hamon sa kanilang mga espirital na paniniwala at maaaring lubha silang mabahala dito.
- Maaaring makatulong na isaalang-alang ang emosyonal na pamana na natamo mo mula sa pagkakaroon ng kagalakang nakilala at minahal mo ang taong namatay.
- Ang iyong lokal na ministro o pinuno ng relihiyon ay maaaring makapagbigay ng suporta.
- Ang ilang tao ay nag-uulat na ang pagtransisyon mula sa pagmamahal ng isang tao na naroroon katabi mo patungo sa pagmamahal sa taong wala na ay labis na nakakatulong.

Ano ang makakatulong?

Kailangan ng oras upang maisaayos ang isang kapaligiran na wala na ang taong iyong minamahal. Ang mga bagay na hindi mo inaasahan ay maaaring mag-udyok ng mga alaala at maaaring madaig ka ng iyong emosyon – musika, walang taong upuan, ang amoy ng paboritong pabango.

Matutong makilala kung ano ang gumagana para sa iyo. Mabilis mong tutukuyin ang mga miyembro ng pamilya o kaibigan na magpapahintulot sa iyo na manatiling ikaw at ipahayag ang iyong dalamhati sa paraang makabuluhan para sa iyo. Makipag-usap tungkol sa taong namatay at himukin ang ibang tao na ibahagi rin ang kanilang mga alaala. Paminsan-minsan ang mga tao ay nag-aatubiling makipag-usap tungkol sa namatay dahil sa takot na mas magalit ka pa. Maaaring maghihintay sila na bigyan mo sila ng pahintulot.

Maaaring malaman mo na ang paggugol ng ilang oras nang mag-isa ay nananatulong rin – ang pagsusulat ng iyong mga damdamin sa isang journal, pagbisita sa isang espesyal na lugar na ligtas sa iyong pakiramdam at maaaring mayroong maraming alaala para sa iyo, paggawa ng iyong libro ng alaala. Maaaring gumana ang ibang mga bagay para sa iyo sa iba't ibang panahon.

Ang bawat miyembro ng pamilya ay may sariling espesyal na relasyon sa taong namatay at madadarama nila ang epekto sa ibang paraan.

Ang mga damdaming ito ay hindi tatagal magpakailanman, kahit na paminsan-minsan tila nagiging mas masama ito kaysa bumuti. Unti-unti sa paglipas ng panahon, maaaring mapansin mo ang mga pagkakaibang ito:

- mas marami ang magagandang araw mo kaysa sa masasamang araw.
- nakakapagbahagi ka sa mga alaala ng taong namatay at nakakaranas ka ng higit na kasiyahan kaysa sa kalungkutan.
- maaari kang aktibong makapagsimulang muling mamuhunan sa buhay at magplano para sa kinabukasan.

Mga bata at dalamhati

Ang pag-unawa ng mga bata sa kamatayan ay magkakaiba depende sa kanilang edad. Kahit ang mga musmos na bata ay magiging mulat kung mangyayari ang isang napakasamang bagay pero maaaring hindi nila maunawaan ang pagkalubha nito.

Ang kanilang tahanan at pamilya ang nagbibigay ng tanging pakiramdam ng seguridad na alam nila. Malamang na maging napakasensitibo nila sa kalungkutan, dalamhati at gambala ng mga taong karaniwan nilang binabalingan para mabigyan sila ng ginhawa. Mahalaga na nararamdaman nilang mahal sila at alam nila ito.

Maaaring mapansin mo na pumapaurong ang pag-uugali ng mga bata. Maaaring kumilos siya katulad noong mas bata pa sila. Halimbawa:

- maaari silang magpumilit na manatili na malapit sa iyo at maaaring takot na takot silang mahiwalay sa iyo.
- maaaring magambala ang kanilang mga pattern sa pagtulog at maaaring kabibilangan ng mga masasamang panaginip.

Ano ang maaaring makatulong?

May mga bagay na magagawa mo upang tumulong at habang isinaalang-alang ang mga ito, nilista namin ang ilan sa mga ito sa ibaba:

- Kadalasang ipinapahayag ng mga bata ang kanilang sarili sa pamamagitan ng paglalaro. Gumugol ng oras upang makipaglaro sa kanila at hilingin sa kanila na ipaliwanag kung ano ang kanilang ginagawa.
- Maging bukas at matapat sa kanila – ipaliwanag kung ano ang nangyayari sa pinakasimpleng posibleng paraan.
- Pasalihin sila – kailangang alam nila kung paano 'gumawa ng espesyal na bagay' para sa taong mahal nila – gumawa ng hardin, magtanim ng bulaklak, dalhin ang bagay na nilikha nila sa sementeryo. Maging malikhain.
- Ipaalam sa paaralan kung ano ang nangyari sa lalong madaling panahon. Magbibigay ito sa mga guro ng oras upang magplano kung paano pinakamainam na suportahan ang mga bata kapag bumalik sila sa klase.
- Ang malaman mo lang na karaniwan ang mga reaksyong ito ay makakapagpasigla sa iyo bilang magulang. Subalit, kung sa anumang oras nag-aalala ka kung makakayahan ba ito ng iyong anak, huwag mag-atubiling humingi ng propesyonal na payo sa pamamagitan ng iyong lokal na doktor.

May maraming magagandang libro para sa kapwa mga bata at mga magulang, at maaari mong makuha ang listahan ng ilan sa mga ito sa DonatLife Agency sa iyong estado o teritoryo.

Paano kakayanin ang mga anibersaryo at mga espesyal na araw?

Ang mga anibersaryo at mga espesyal na araw ay hindi na kailanman magiging pareho kapag wala na ang iyong mahal sa buhay. Ang unang taon ay talagang masakit. May pakiramdam ng 'paglilikom' sa bawat mahalagang araw at may tumataas na pakiramdam ng pagkabalisa kung paano mo 'malalampasan' ito.

Ano ang maaaring makatulong?

- Maghanda nang maaga – makipag-usap nang bukas sa pamilya tungkol sa araw na iyon – may iba't ibang pangangailangan at inaasahan ang bawat tao.
- Ang mga bata lalo na ay hihingi ng katiyakan na ang buhay pamilya ay magpapatuloy 'nang normal hangga't maaari.'
- Ibahagi ang araw kasama ng mga taong tinatamasa mo at komportable ka.
- Maaari mong piliing gumawa ng pagbabago sa karaniwang ritwal ng pamilya at lumikha ng bagong tradisyon ng pamilya.
- Gawing makabuluhan ang iyong araw sa anumang paraan.
- Pahintulutan ang ibang tao na tulungan ka sa pagpapalano, habang inaalala mo na espesyal na oras mo ito.
- Pahintulutan ang iyong sarili na magbahagi ng kapwa tawa at luha sa taong nakapaligid sa iyo – maaaring makakatulong ito sa kanila na ipahayag rin ang kanilang mga damdamin.
- Maging malikhaing sa pag-alala sa iyong kamag-anak – magsindi ng kandila, bumili ng espesyal na dekorasyon para sa Christmas tree, bumili ng espesyal na bagay na maaaring tangkilikin ng buong pamilya.
- Maaaring naisin ng mga bata na gumuhit ng larawan o magsulat ng liham para sa taong namatay.
- Maging mabait sa iyong sarili – magtakda ng mga makatotohanang layunin.
- Pakaingat-ingatan ang mga alaala ng iyong kamag-anak – lagi mong dadalhin ang mga ito sa iyong puso.

Ikalawang Seksyon

Suporta

Serbisyo sa Suporta sa Pamilya	16
Paggunita sa mga donor ng organ at tissue	17
Mga kuwento mula sa mga pamilya ng donor	18
Mga ibinahaging salita mula sa mga pamilya ng donor at mga tumatanggap ng transplant	21
Mga liham mula sa mga tumatanggap ng transplant	22
Mga salita mula sa ina ng isang donor	24
Mga Kontak	25

Serbisyo sa Suporta sa Pamilya

Itinatag ang National DonateLife Family Support Service (Pambansang Serbisyo sa Suporta sa Pamilya ng DonateLife) upang magbigay ng suporta sa mga pamilya ng mga donor ng organ at tissue bago, sa panahon at pagkatapos ng donasyon. Ibinibigay ang suporta sa ilang paraan at magkakaiba batay sa iyong mga pangangailangan ngayon at sa hinaharap.

Bilang bahagi ng serbisyo, ang Mga Coordinator sa Suporta sa Pamilya ay naroroon sa bawat estado at teritoryong DonateLife Agency. Naririyang ang Coordinator sa Suporta ng Pamilya upang suportahan ka at ang iyong pamilya sa panahon ng pagkamatay ng iyong mahal sa buhay. Naroroon sila upang makinig; upang magbigay ng impormasyon at katiyakan at upang sumagot sa anumang mga tanong o ikinababahalang na maaaring mayroon ka. Maaaring makakatulong sa iyo na makipag-usap sa ibang tao sa labas ng kagayut na pamilya. Kabilang ng serbisyo ang pagpapayo o referral sa mga lokal na tagapayo sa pagdadalamhati kung ninanais.

Sa unang liham mula sa DonateLife Agency, malalaman mo kung ilang tao ang natulungan sa pamamagitan ng transplantasyon at kanilang kasalukuyang progreso. Ang mga pamilya ng mga donor at mga tatanggap ng transplant ay kapwa nanghihina ang loob at nangangailangan ng panahon upang humilom at mag-adjust sa labis na nag-ibang sitwasyon.

Bagaman hindi maisisiwalat ang pagkakakilanlan ng tatanggap ng transplant, ang DonateLife ay responsable sa pagpapadala sa liham sa iyo kung iyon ang gusto mo. Katulad nito, maaaring naisin mong magsulat sa mga tatanggap ng transplant o sumagot sa kanilang mga liham sa pamamagitan ng parehong mga channel.

Kung darating ang panahon na pakiramdam mo isa itong bagay na gusto mong gawin, maaaring makatulong sa iyo ang iyong Coordinator sa Suporta ng Pamilya.

Sa hinaharap, kung gusto mo ng update sa progreso ng mga tumanggap ng transplant, maaari itong mapadali sa pamamagitan ng parehong mga channel. Hindi ibinibigay nang regular ang mga update, dahil hindi lahat ng pamilya ang nagnanais na malaman kung nagbago ba ang sitwasyon sa paglipas ng panahon.

Paggunita sa mga donor ng organ at tissue

Sa pagdaan ng mga tao, ang mga ahensiya sa donasyon ng organ at tissue sa buong Australia ay bumuo ng mga espesyal na paraan ng pagkilala sa kabutihang-loob ng lahat ng mga donor ng organ at tissue at kanilang mga pamilya.

Mga Serbisyo sa Pag-alala ng DonateLife

Ang layunin ng taunang Mga Serbisyo sa Pag-alala ng DonateLife ay upang magbigay ng forum para sa pagkilala at pagpapasalamat sa mga donor at kanilang mga pamilya. Oportunidad rin ito upang ang lahat ng mga taong nabibiyayaan ng donasyon ng organ at tissue ay makadaupang-palad sa ibang tao na nagbago rin ang buhay dahil sa karanasang ito.

Pin ng Suporta ng Pamilya ng Nagbigay ng Donasyon

Ang label na pin na ito ay espesyal na dinisenyo para sa mga pamilya ng mga donor ng organ at tissue.

Book of Life (Libro ng Buhay) ng DonateLife

Ang Book of Life ng DonateLife ay isang koleksyon ng mga kuwento mula sa mga taong nabibiyayaan ng donasyon ng organ at tissue. Ang mga kuwento ay nagbibigay-pugay sa kabutihang-loob ng mga buhay na trahedyang biglang nagtapos. Nagsimula sa kanyang biyahe ang Book of Life sa kabuuan ng Australia sa Linggo ng DonateLife, noong Pebrero 2011. Dahil sa popularidad nito, naging permanenteng bahagi ito ng mga rekursong ng DonateLife at isang lugar kung saan ang mga kuwento ng donor at transplant ay maaaring maikuwento. Ang Book of Life ay maaaring mabasa sa website ng DonateLife www.donatelife.gov.au

Para sa karagdagang detalye sa alinman sa itaas, mangyaring kontakin ang DonateLife Agency sa iyong estado o teritoryo.

Mga kuwento mula sa mga pamilya ng donor

Dalawang pamilya ang mapagbigay na nagbahagi sa kanilang mga personal na karanasan sa amin.

Unang kuwento

Sa isang makulimlim na araw sa kalagitnaan ng Hulyo ilang taon na ang nakalipas, nalaman ko sa pamamagitan ng tawag sa telepono na ang aking mahal na nakatatandang anak na lalaki ay namatay kaagad pagkatapos na magkaroon ng pinsala sa ulo. Resulta ito ng aksidente ng sasakyan na nangyari noong pauwi siya sa kanyang tahanan mula sa trabaho.

Makalipas ang ilang oras, ang kanyang batang biyuda, na iyak nang iyak noong nilapitan ng coordinator ng donor upang talakayin ang posibleng donasyon ng tissue, ay hindi nakagawa sa kinakailangang desisyon.

Kahit na hindi ko alam na nagparehistro ang aking anak bilang donor, pero dahil alam kong siya ay isang mapagmahal, maalalahanin, taos-puso, mahabagin, espiritwal na tao, wala akong pag-aatubiling magbigay ng pahintulot sa pagkuha ng tissue alinsunod sa kahilingan. Sinabi ko na ito ay kagustuhan niya, kung kaya't wala kaming karapatan na tanggihan siya sa kanyang pagpili na magbigay ng donayon kapag namatay siya nang hindi napapanahon.

Pagkatapos ng donasyon ng tissue, nakita ang kanyang katawan at natagpuan siyang mukhang katulad ng dati, na para lang siyang natutulog. Makalipas ang kaunting panahon, nakatanggap ako ng taos-pusong magandang liham mula sa coordinator ng donor na nagpapasalamat sa akin sa donasyon ng tissue mula sa aking anak na lalaki.

Ipinagmamalaki kong sabihin na nagbigay ng donasyon ang aking anak ng kanyang mga mata, mga balbula ng puso, mga buto ng binti at mga Achilles tendon. Ikinakarangal ko ring ibahagi na ang kanyang donasyon ay nagresulta upang ang isang lalaki at babae na nasa edad na mid-thirty, ay muling makakita, at labimpitong ibang tao ay nakatanggap ng mga graft ng buto – na lima sa kanila ay mga bata.

Namatay ang aking anak bago siya maging ama ng isang bata pero labis ko siyang ipinagmamalaki. Sa kanyang kamatayan, na direktang dulot ng kanyang mga regalo, napaganda niya ang mga buhay ng maraming tao – hindi lang mga indibidwal na nakatanggap ng mga graft ng tissue, pero kasama na rin ang kanilang mga pamilya at pati na rin mga kamag-anak. Sigurado akong natutuwang silang lahat sa mas mabuting kalidad ng buhay na tinatamasa ngayon ng kanilang mga kamag-anak.

Ang kaalamang ito ay isang namamalaging kasiyahan sa aking pamilya at sa akin.

Ikalawang kuwento

Ang buhay, na yaong alam namin, ay nagbago para sa amin ilang taon na ang nakalipas. Umagang-umaga noon, gising ako habang nagninilaynilay sa isa na namang bagong araw nang biglang marinig ko ang iyak mula sa katabing silid. Umiiyak ang aking dalagang tinedyer. Sinabi niya sa akin "Ma, parang puputok ang ulo ko. Tumawag ka ng doktor. Mayroong mali!"

Sa loob ng labinlimang minuto, nawalan na siya ng malay. Habang tumatawag ako ng ambulansiya, huminto siya sa paghinga, kung kaya't huminga ako para sa kanya hanggang sa dumating ang ambulansya. Nakarating siya sa ospital sa loob ng apatnapu't limang minuto matapos ko siyang narinig na umiiyak. Nagsimula ang pinakamasamang bangungot ng isang magulang.

Ilang oras bago kami nagkaroon ng ideya kung ano ang problema. Pagkatapos ng CT scan, natuklasan nila na nagkaroon siya ng pagdurugo sa utak. Apat na oras pagkatapos ng kanyang pagka-admit sa hospital, napunta siya sa Intensive Care at nakapagbisita kami sa kanya. Mukha talaga siyang 'normal' na para lang natutulog. Mainit-init siya. Umaangat at bumababa ang kanyang dibdib. Walang makikitang palatandaan na mayroong anumang mali sa kalagayan niya. Hindi kami makapaniwala sa nangyari sa nakalipas na ilang oras lamang.

Nagkaroon ang mga doktor ng unang pagpupulong kasama ang pamilya kaagad pagkatapos na nakita namin siya sa Intensive Care. Sinabi nila sa amin na hindi nila alam kung bakit nagkaroon siya ng pagdurugo, pero grabe ang nangyari at wala nang pag-asa na gumaling pa siya. Nang marinig ko ito, ang unang naisip ko ay kailangang 'buhay' pa siya upang makapunta sa ospital para makapagpaalam ang kanyang ama at mas nakakatandang kapatid na babae, na parehong nagtatrabaho sa ibang estado. Pagkatapos, sinabi ko na gusto rin niyang maging donor ng organ. Subalit, sinabi kaagad ng mga doktor sa akin na hindi pa ito tatalakayin hangga't itinakda na ang kamatayan ng utak at hindi pa magsasagawa ng mga pagsusuri sa kanya sa loob ng dalawampu't apat na oras.

Nakapag-usap kaming dalawa tungkol sa donasyon ng organ noong pumunta siya sa kanyang permit para sa mag-aaral para sa kanyang lisensya sa pagmamaneho at sinabi niya noon na ito ay isang bagay na tamang gawin. Masuwerte ako dahil walang duda sa aking isipan na aaprobahan niya ito. Palagi akong naniniwala na ang donasyon ng organ ay ang tanging paraan upang lumabas ang isang magandang bagay mula sa isang napakasamang sitwasyon, pero hindi ko talaga naisip na 'mangyayari ito sa amin'. Dumating ang kanyang

ama at kapatid na babae sa kalaunan ng araw na iyon at nagkaroon kami ng maraming oras na kasama siya. Dinala ng kanyang nakababatang kapatid na babae ang kanyang Walkman, at pinatugtog namin ang kanyang mga paboritong CD. Nakipag-usap sa kanya ang kanyang nobyo tungkol sa lahat ng mga plano at pangarap na hindi na nila maisasakatuparan ngayon. Umupo ako at hinawakan ko ang kanyang kamay at umasa at nagdasal na 'nariyan' pa rin siya upang marinig kung gaano namin siya kamahal at labis kaming mangungulila sa kanya.

Ang mga pagsusuri sa kamatayan ng utak sa susunod na araw ay nagkumpirma sa pinakamatindi naming kinataakutan at sinimulan ang proseso para sa donasyon ng organ. May mga pagkakataon na naisip ko sa aking sarili na 'agad kaming sumuko sa kanya—dahil may mga tao namang gumigising mula sa mga coma at nagiging OK na'. Pagkatapos, nakikipag-usap ako sa mga nars at naaalala ko ang mga mahihigpit na pagsusuri at napagtanto ko na kahit pa manatili siya nang matagal sa ventilator, hindi na siya gigising pang muli.

Nadurog ang puso namin habang tinitingnan ko ang pagsarado ng mga pintuan ng elevator habang dinadala siya sa teatro para sa donasyon ng organ, pero sigurado kami na ito ang tamang gawin. Kahit na napakasakit para sa amin ang nangyari, nakakapagbigay-ginhawa sa amin na malaman na may mga tao “saan man” na nagagalak dahil nabigyan ng pangalawang pagkakataon sa buhay ang kanilang kamag-anak.

Maraming tao ang naapekuhan sa pagkamatay ng aking anak na babae, at kahit walang anumang bagay ang gagawing OK na wala na siya dito upang matupad ang kanyang mga pangarap, malayo naman ang narating ng kanyang pamana. Wala kaming nagawa upang mahadlangan ang kanyang pagkamatay, subalit ang donasyon ng organ ay nangangahulugang may kabuluhan ang kanyang kamatayan. Hindi kailanman malalaman ng tumanggap ng donasyon kung sino siya, pero sigurado ako na palagi siyang maaalala ng mga estrangherong nabigyan ng pangalawang pagkakataon upang mabuhay dahil sa kanyang 'Regalo ng Buhay'.

Upang makabasa ng koleksyon ng mga kuwentong hinggil sa pagligtas ng buhay at pagbabago ng buhay mula sa mga taong nabiyayaan ng donasyon ng organ at tissue, bumisita sa www.donatelife.gov.au/donation-stories/donatelife-book-life

Mga ibinahaging salita mula sa mga pamilya ng donor at mga tumatanggap ng transplant

“

Maraming salamat sa lahat ng iyong malasakit at mahabaging salita – nakagawa ito nang kaibahan”

— Pamilya ng Nagbigay ng Donasyon

“

Ang katotohanang nakatulong ang aming mahal sa buhay sa ibang tao sa pamamagitan ng transplantasyon ay nagbibigay-ginhawa sa amin. Kaligayahan sa kanila palagi.”

— Pamilya ng Nagbigay ng Donasyon

“

Lahat ng suporta na natanggap namin ay tumulong sa amin na harapin ang pagkawala ng aming mahal sa buhay at nagpakita sa amin ng iyong malasakit.”

Pamilya ng Nagbigay ng Donasyon

“

Ang pagsabi ng ‘maraming salamat’ ay tila hindi sapat....”

— Isang taong tumanggap ng donasyon na labis ang pasasalamat

Mga liham mula sa mga tumatanggap ng transplant

Sa aming 'espesyal' na pamilya ng nagbigay ng donasyon

Walang salita ang sapat para maipahayag namin kung ano ang kahulugan ng iyong desisyon sa amin at sa aming musmos na anak na lalaki na edad apat na ngayon. Binigyan lang siya ng isang linggo upang mabuhay pagkatapos na pumalya ang kanyang atay nang walang malinaw na dahilan. Malaking sorpresa ito sa amin, dahil mabuti naman ang kanyang kalusugan noon pa. Pagkatapos ng maikling pananatili sa aming lokal na ospital, nakatanggap siya sa kalaunan ng transplant na nagligtas sa kanyang buhay. Kung hindi dahil sa iyong desisyon, malamang namatay siya. Pinunit ng desisyong ito ang aming mga puso, dahil habang nagdadasal kami na sana dumating ang donor sa amin, alam din namin na may taong mawawalan ng kamag-anak.

Ang aming malikot at masiglang musmos na anak na lalaki ay bumalik na ngayon sa ganap na kalusugan at namumuhay nang katulad ng normal na apat na taong gulang na bata. Kami at ang aming pamilya ay nagpapasalamat sa iyo nang lubusan.

Inaasahan namin na ang liham na ito ay nagbigay sa iyo ng kaunting ginhawa sa oras ng iyong pagdalamhati. Hindi mo lang iniligtas ang aming anak na lalaki, iniligtas mo rin ang isang kapatid, apo, pinsan, at pamangkin.

Kagalang-galang na pamilya ng nagbigay ng donasyon,

Ako ay isang ina at mga labingwalong buwan nang nakalipas na napagtanto kong humihina ang aking paningin. Bago ang Pasko, gumising ako na parang natatabunan ng usok at malabo ang aking paningin, na sobrang nakakatakot. Tinawagan ko ang aking GP na nagpadala sa akin kaagad sa isang espesyalista sa mata na nag-diagnose sa akin ng Fuchs Dystrophy Syndrome, na isang namamanang sakit sa mata na nangangailangan ng transplant sa cornea sa magkabilang mata. Kung babalikan ang nakaraan, ang aking paningin ay dahan-dahang nawawala at naalala ko na sinubukan kong basahan ang aking anak na babae at nahirapan ako sa sandaling iyon, na kailangan ko pang i-angat ang sulo upang makapagbasa ako sa kanya. Ang ama ko ay nagkaroon ng parehong sakit at napasailalim siya sa mga transplantasyon ng cornea, kung kaya't alam ko na nang kaunti ang tungkol sa pamamaraan, subalit sobra pa rin akong ninerbiyos at natakot. Ang tawag sa telepono ay dumating apat na buwan lang pagkatapos na mailagay ako sa waiting list, at kahit na takot na takot ako, umaasa ako na balang araw makakita akong muli at makapagbabasa sa aking anak na babae.

Sampung buwan na ang nakalipas mula ng aking transplant ng cornea at hindi lumilipas ang isang araw na hindi ko pinag-iisipan at pinapasalamatan ang aking donor, na nagbigay sa akin ng oportunidad upang makakita. Kung pinili ng pamilya na hindi magbigay ng donasyon, hindi ko maipapahayag sa iyo ang mga saloobin ko at magpasalamat sa ibinigay sa akin.

Nakapagbabasa ako sa aking anak na anim na taong gulang at natutulungan ko siya na matutong magbasa. Noong nakaraang linggo, nakita ko ang freckles sa kanyang ilong sa unang pagkakataon. Hindi ko talaga maipapahayag nang lubusan kung gaano kamangha-mangha ang mga maliliit na karanasang ito.

Ang pagmamahal at pasasalamat na nararamdaman ko para sa pamilyang ito at kanilang kamag-anak ay hindi maipapaliwanag. Ang kabutihang-loob at walang pag-iimbot na pagmamahal ay nagbigay sa akin ng paningin upang makita ko ang aking anak na babae. Hindi ko sila mapapasalamatan nang sapat, ang malaman lang na naririyang sila saan man sila ngayon sa mundong ibabaw, na dahil sa kanila ako ang pinakamaligayang Ina sa mundo. Kung walang donasyon, hindi ako makapagsulat ng liham na ito.

Mula sa kaibuturan ng aking puso, maraming salamat. Maraming salamat sa regalo ng paningin. Kahit na hindi tayo magkakatatagpo kailanman, ang pamilyang ito ay palaging nasa isip at panalangin ko... MARAMING SALAMAT!

Mga salita mula sa isang ina ng donor

Kagalang-galang na tumanggap ng transplantasyon,

Sa linya ng aking trabaho, naglalakbay ako sa malalayong lugar, na nagbibigay sa akin ng sapat na panahon upang makapagmuni-muni. Habang naglalakbay pauwi sa bahay kagabi, napag-isipan ko kung kumusta na kaya ang mga taong nakatanggap ng mga organ ng isa sa aming kamag-anak. Isipin mo na lang ang aking kasiyahan nang makita ko ang iyong liham. Bilang sagot sa iyong liham, ikinagagalak kong ihangad ang iyong mabuting kalagayan sa hinaharap.

Gusto kong isipin na ang isang bahagi ng kaluluwa ng anak ko ay nabubuhay kasama mo. Ang donor ay talagang napakagandang nilalang; may labis na malasakit, madaling makipagkaibigan, mapagbigay, at mahusay na manlalaro na gusto ang anumang bagay at aktibidad sa labas ng bahay. Kahit na sobra kaming nalungkot sa biglaan niyang pagkamatay, napakaganda ng aming alaala sa kanya.

Maaari ba akong humiling? Pakisabi na lang sa iyong pamilya at mga malalapit na kaibigan na mahal mo sila. Masuwerte ako dahil may nagsabi sa akin ng 'Mahal kita, Ma' sa isang espesyal na sandali, na biglaan na lang sinabi sa akin kanina lang at ito ay isa sa pinakamahalagang alaala ko.

Mag-ingat ka at pagpalain ka ng Diyos.



Mga Kontak

DonateLife ACT

Canberra Hospital,
Building 6, Level 1, Yamba Drive
Garran ACT 2605

T (02) 5124 5625

F (02) 5124 2405

E Organ.Donation@act.gov.au

DonateLife NSW

Level 6, 4 Belgrave Street
Kogarah NSW 2217

T (02) 8566 1700

F (02) 8566 1755

E seslhd-nsworgandonation@health.nsw.gov.au

DonateLife NT

First Floor, Royal Darwin Hospital
Rocklands Drive
Tiwi NT 0810

T (08) 8922 8349

F (08) 8944 8096

E donatelife@nt.gov.au

DonateLife QLD

Building 1, Level 4
Princess Alexandra Hospital
199 Ipswich Road
Woolloongabba QLD 4102

T (07) 3176 2350

F (07) 3176 2999

E donatelife@health.qld.gov.au

DonateLife SA

Ground Floor, Allianz Centre
55 Currie Street
Adelaide SA 5000

T (08) 8207 7117

F (08) 8207 7102

E donatelifesa@sa.gov.au

DonateLife TAS

Hobart Corporate Centre
Level 3, 85 Macquarie Street
Hobart TAS 7000

T (03) 6270 2209

F (03) 6270 2223

E donatelife.tasmania@ths.tas.gov.au

DonateLife VIC

Level 2, 19–21 Argyle Place South
Carlton VIC 3053

T (03) 8317 7400

Linya para Makapagtanong:
1300 133 050

F (03) 9349 2730

E donatelife@redcrossblood.org.au

DonateLife WA

PO Box 332
Northbridge WA 6865

T (08) 9222 0222

F (08) 9222 0220

E donatelife@health.wa.gov.au

Para sa impormasyon tungkol sa karagdagang suporta, mangyaring sumangguni sa brochure ng Counselling Support Services (Mga Serbisyo sa Suporta sa Pagpapayo) na makukuha sa pamamagitan ng DonateLife Agency sa iyong estado o teritoryo.



Ikatlong Seksyon

Donasyon

Donasyon	28
Mga pathway sa donasyon ng organ at tissue	29
Kamatayan ng utak	30
Kamatayan ng sirkulasyon	33
Impormasyon at mga karaniwang tanong tungkol sa donasyon	35
Impormasyon at mga karaniwang tanong tungkol sa transplantasyon	38
Pagpapasalamat	41

Donasyon

Sa panahon sa proseso sa donasyon, ikaw at ang iyong pamilya ay makakatanggap ng maraming impormasyon sa isang panahon na mataas ang stress at emosyon. Habang lumilipas ang panahon, kadalasang mas malinaw na naaalala ng mga tao ang mga pangyayari at maaaring naisin nilang makakuha ng karagdagang impormasyon o simpleng kumpirmahin ang kanilang pag-unawa sa proseso na nangyari. Ang sumusunod na mga pahina ay nagbibigay ng impormasyon at mga sagot sa ilang karaniwang tanong na tinatanong ng mga pamilya at kaibigan tungkol sa donasyon.

Mga pathway sa donasyon ng organ at tissue

Ang donasyon ay pinakamadaling ipaliwanag sa pamamagitan ng paglalarawan sa dalawang pathway kung saan posible ang pagbibigay ng donasyon ng mga organ at mga tissue pagkatapos mamatay.

Kailangang namatay ang tao bago mangyari ang isang donasyon. Ang kamatayan ay natutukoy sa dalawang paraan:

- **Ang kamatayan ng utak** ay nangyayari kapag ang utak ng tao ay permanenteng humihinto sa paggana.
- **Ang kamatayan ng sirkulasyon** ay nangyayari kapag ang sirkulasyon ng dugo sa isang tao ay permanenteng humihinto.

Mahalaga na maunawaan ang kaibahan sa pagitan ng kamatayan ng utak at kamatayan ng sirkulasyon. Ang paraan ng pagkamatay ng isang tao ay nakakapag-impluwensya kung paano mangyayari ang proseso ng donasyon at kung aling mga organ at tissue ang mapapasailalim sa donasyon.

Kamatayan ng utak

Ano ang kamatayan ng utak?

Nangyayari ang kamatayan ng utak kapag ang utak ay napinsala nang labis at permanente itong tumitigil sa paggana. Maaari itong mangyari bilang resulta ng matinding pinsala sa utak, istrok mula sa pagdurugo (hemorrhage) o pagbara ng daloy ng dugo sa utak, impeksyon o tumor sa utak, o kasunod ng isang panahon ng matagal na kakulangan ng oxygen patungo sa utak.

Kagaya ng ibang bahagi ng katawan, namamaga ang utak kapag napinsala ito. Ang utak ay nakapaloob sa isang matigas na 'kahon', ang bungo, na karaniwang nagpoprotekta dito mula sa pinsala ngunit nililimitahan din nito ang hangganan kung saan maaaring mamaga ang utak. Iba ito sa ibang mga bahagi ng katawan, katulad ng napinsalang bukung-bukong, na maaaring magpatuloy sa pamamaga nang walang limitasyon. Kung patuloy na namamaga ang utak, tumataas ang presyon sa loob ng bungo na nagdudulot ng permanenteng mga epektong nakakapinsala.

Ang pamamaga ay naglalagay ng presyon sa brainstem, kung saan ang utak ay umaanib sa utak ng gulugod sa likod ng leeg. Ang brainstem ay nagkokontrol sa maraming katungkulan na kinakailangan ng buhay katulad ng paghinga, bilis ng pagtibok ng puso, presyon ng dugo at temperatura ng katawan.

Habang lumalaki ang pamamaga ng utak, ang presyon sa loob ng bungo ay tumataas hanggang sa punto kung saan hindi na kaya ng dugo na dumaloy sa utak. Kapag walang dugo at oxygen, namamatay ang mga selyula ng utak. Hindi tulad ng maraming ibang selyula ng katawan, hindi ito muling lumalago o gumagaling. Kung namamatay ang utak, hindi na kailanman muling gagana ang utak ng tao, at patay na ang taong iyon. Tinatawag ito na 'kamatayan ng utak'.

Ang utak at brainstem ay kumukontrol sa maraming mga mahahalagang katungkulan ng katawan, kabilang ang paghinga. Kapag dadanas ang isang tao ng pinsala sa utak, kinokonecta siya sa isang makina na tinatawag na ventilator, na artipisyal na bumubuga ng oxygen sa mga baga (bentilasyon). Pagkatapos, binobomba ang oxygen sa buong katawan ng puso. Ang tibok ng puso ay hindi nagdedepende sa utak, pero kontrolado ito ng isang natural na pacemaker sa puso na gumagana kapag nakakatanggap ito ng oxygen.

Habang nagbibigay ang ventilator ng oxygen sa katawan, ang dibdib ng tao ay patuloy na aangat at bababa na tila humihinga, ang kanyang puso ay patuloy na titibok at magiging mainit-init sila kapag hinahawakan. Nagiging mahirap tanggapin na nangyari ang kamatayan. Subalit, kahit na may nagpapatuloy na artipisyal na bentilasyon, lalala at titigil na rin sa paggana ang puso sa huli.

Paano malalaman ng mga doktor kung patay na ang utak ng tao?

Ang mga taong may kritikal na sakit na nasa ospital ay napasasailalim sa palagiang obserbasyon ng espesyalistang pangkat na medikal at nars na nangangalaga sa kanila at maingat silang minomonitor para sa mga pagbabago ng kanilang kondisyon. May ilang bilang ng mga pisikal na pagbabago na nangyayari kapag namamatay ang utak. Kabilang dito ang kawalan ng normal na konstrikasyon ng mga balintataw sa ilaw, kakayahang umubo, kawalang kakayahan upang huminga nang walang ventilator, at bumabang presyon ng dugo at temperatura ng katawan.

Kapag naobserbahan ng medikal na pangkat ang mga pagbabagong ito, magsasagawa ito ng klinikal na pagsusuri sa kamatayan ng utak upang makumpirma kung tumigil na o hindi ang paggana ng utak.

Ang dalawang senior na doktor ay independiyenteng magsasagawa ng parehong pangkat ng mga klinikal na pagsusuri sa tabi ng kama ng pasyente. Ang mga doktor na nagsasagawa sa pagsusuri ng kamatayan ng utak ay magsisiyasat upang makita kung ang tao ay:

- tumutugon sa masakit na stimulus
- konstrikasyon ng balintataw kapag ang isang maliwanag na ilaw ay sinisinag sa mata
- pagtugong pagkurap kapag hinipo ang mata
- paggalaw ng mata kapag nilagay ang tubig na kasinlamig ng yelo sa canal ng tainga
- gag reaction (reaksyong nasusuka) kapag nasalat ang likod ng lalamunan
- ubo kapag nilalagay ang isang suction tube sa tubo ng paghinga
- kakayahan upang huminga kapag ang ventilator ay pansamantalang idiniskonekta.

Kung hindi nagpakita ng reaksiyon sa tao sa lahat ng mga pagsusuring ito, nangangahulugan ito na tumigil na sa paggana ang kanyang utak at patay na ang tao. Kahit na namatay na sila, magpapatuloy pa rin sa pagtibok ang puso dahil may oxygen pa rin na pumapasok sa puso sa tulong ng ventilator.

May mga pagkakataon na ang pinsala o sakit ng tao ay nangangahulugang hindi maisasagawa ang klinikal na pagsusuri sa pagkamatay ng utak. Halimbawa, ang mga pinsala sa mukha ay maaaring maglimita sa eksaminasyon ng mga mata o tainga. Sa mga sitwasyong ito, ang mga pagsusuring medikal na imaging ay isinasagawa upang matukoy kung may anumang pagdaloy ng dugo sa utak (isang cerebral angiogram o cerebral perfusion scan). Ang kawani ng ospital ay magbibigay sa iyo ng karagdagang impormasyon kung kinakailangan ba ang ganoong pagsusuri.

Kapag nakumpirma na ang pagkamatay ng utak, ang mga miyembro ng medikal na pangkat ay nakikipag-usap sa pamilya ng tao tungkol sa mga susunod na hakbang, kabilang ang pagtanggap ng ventilator.

Ang karanasan ng bawat pamilya ay bahagyang magkakaiba, pero sa ganitong panahon magsisimula ang medikal na pangkat sa pakikipag-usap sa iyo at iyong pamilya tungkol sa posibilidad ng donasyon ng organ at tissue.

Kamatayan ng sirkulasyon

Ano ang kamatayan ng sirkulasyon?

Ang kamatayan ng sirkulasyon ay nangyayari kapag ang tao ay huminto sa paghinga at huminto sa pagtibok ang kanyang puso (walang daloy ng dugo sa katawan). Maaari itong mangyari pagkatapos ng biglaang sakit o aksidente, o maaaring panghuling yugto ng isang matagal na sakit.

Paminsan-minsan, ang donasyon ng organ ay posible pagkatapos ng kamatayan ng sirkulasyon pero sa mga partikular na sitwasyon lang, dahil ang mga organ ay mabilis na masira kapag huminto ang pagdaloy ng dugo sa kanila. Ang karaniwang sitwasyon ay kung ang tao ay nasa intensive care unit pagkatapos ng malubhang sakit kung saan hindi sila gumagaling at sumang-ayon ang mga doktor at pamilya na nasa pinakamabuting interes ng tao na tanggalin ang artipisyal na bentilasyon at anumang iba pang mga suporta sa buhay. Maaari itong mangyari pagkatapos ng isang napakalubhang pinsala sa utak na nagreresulta sa permanenteng malubhang kapansanan, mga taong may terminal na pagpalya ng puso o бага, o mga tao na dumaranas ng napakalubhang pinsala sa gulugod kung saan hindi sila makakagalaw o makahinga nang walang tulong.

Kung kaya't ang prayoridad ay ang pagsuporta sa tao nang may malasakit, ginhawa at pakikiramay sa katapusan ng kanilang buhay. Ang pagkuha ng mga suporta sa buhay ay palaging tinatalakay kasama ng at sinasang-ayunan ng pamilya (at pasyente kung posible) at ginagawa ang desisyong ito bago pa at independiyente sa anumang pagsaalang-alang sa donasyon. Kapag lamang nagawa na ang desisyong ito na maisaalang-alang ang donasyon.

Ano ang mangyayari pagkatapos na maniwala ang mga doktor na hihinto na sa pagtibok ang puso ng pasyente?

Kapag sumang-ayon ang pamilya at mga doktor na ang pagpapatuloy ng paggamot ay salungat sa interes ng pasyente, makikipag-usap sila sa pamilya ng taong iyon tungkol sa mga susunod na hakbang. Kabibilangan ito ng mga pagtalakay tungkol sa mga kagustuhan sa katapusan ng buhay at pagtanggali ng ventilator ng tao at iba pang mga paggamot, na nakatuon sa pagbibigay ng ginhawa at pagpapahupa ng pananakit.

Kung inaasahan ng mga doktor na titigil na sa paghinga ang tao at mangyayari ang kamatayan ng sirkulasyon sa maikling oras pagkatapos na tanggalin ang ventilator at iba pang mga suporta ng buhay, maaaring magkaroon ng oportunidad sa donasyon ng organ at tissue.

Kung sinusuportahan ng tao at pamilya ang donasyon, gagawin ang lahat ng posible upang masiguro na matutupad ang mga kagustuhang iyon. Napakahirap na mahulaan ang eksaktong oras na aabutin para mamatay ang isang tao pagkatapos ng pagtanggap ng ventilator at iba pang mga suporta sa buhay. Ang ilang tao ay namamatay sa loob ng humigit-kumulang isang oras at maaaring maging posible ang donasyon. Ang ibang tao ay maaaring hindi mamamatay hanggang sa maraming oras sa kalaunan. Kung mangyayari ito, ang donasyon ng organ ay hindi na posibleng mangyari pero maaaring posible pa rin ang donasyon ng mga tissue. Kung mamatay kaagad ang tao pagkatapos na tanggalin ang mga suporta sa buhay, kailangang ilipat kaagad ang tao sa teatro ng operasyon upang mangyari ang operasyon para sa donasyon bago mapinsala ang mga organ.

Kung hindi sinusuportahan ang donasyon ng pamilya, makikipag-usap ang doktor sa pamilya tungkol sa pagtanggap ng ventilator. Kapag tinanggal na ang ventilator, hihinto sa pagtibok ang puso ng tao dahil sa kakulangan ng oxygen at giginaw at puputla ang kanyang balat dahil wala na sa sirkulasyon ng buong katawan ang dugo.

Ang pangangalaga, dignidad at respeto ay palaging pinapanatili sa panahon ng pangangalaga sa katapusan ng buhay, mangyayari man o hindi ang donasyon.

Ang karanasan ng bawat pamilya ay bahagyang magkakaiba, pero sa ganitong panahon kapag naniniwala na ang mga doktor na hindi na gagaling ang iyong mahal sa buhay na magsisimula ang medikal na pangkat sa pakikipag-usap sa iyo at iyong pamilya tungkol sa posibilidad ng donasyon ng organ at tissue.

Impormasyon at mga karaniwang tanong tungkol sa donasyon

Ano ang sangkot sa operasyon para sa donasyon?

Ang operasyon para sa donasyon ay isinasagawa nang may parehong pangangalaga ng anumang iba pang operasyon, at ang katawan ng tao ay palaging tinatrato nang may respeto at dignidad. Ang operasyon ay isinasagawa ng mga siruhano at propesyonal ng kalusugan na mataas ang kasanayan. Ang mga espesyalista na doktor at kanilang mga pangkat ay maaaring tawagin mula sa ibang mga ospital upang magsagawa sa operasyon.

Kapareha ng ibang mga operasyon, ang hiwa para sa operasyon ay isinasagawa upang makuha ang mga organ at ang hiwa na ito ay isasara at tatakpan ng tapal. Depende sa kung aling mga organ at tissue ang mapapasailalim sa donasyon, maaaring tatagal ang operasyon ng hanggang walong oras upang makumpleto.

Ano ang mangyayari pagkatapos ng operasyon?

Pagkatapos ng operasyon, ang nai-donate na mga organ ay ihahatid mula sa teatro ng operasyon patungo sa mga ospital kung saan mangyayari ang pagta-transplant.

Mag-iiba ba ang mukha ng tao?

Kung namatay ang tao at wala na sa sirkulasyon ang dugo at oxygen sa buong katawan, karaniwan sa kanilang na magmukhang maputla at guminaw ang kanilang balat. Ang operasyon para sa donasyon ay hindi magreresulta sa iba pang mga malalaking pagbabago sa hitsura ng tao. Ang hiwa ng operasyon na isinagawa sa panahon ng operasyon ay isasara at tatakpan kagaya ng anumang iba pang operasyon.

Maaapektuhan ba ang mga pag-aareglo ng libing?

Ang donasyon ng organ at tissue ay hindi makakaapekto sa mga pag-aareglo ng libing? Ang pagtingin sa patay na mahal sa buhay at bukas na panlibing na kabaong ay kapwa posible. Kung kinakailangan ang imbestigasyon ng Coroner, maaaring maantala nito ang mga pag-aareglo ng libing.

Kailan kinakailangan ang imbestigasyon ng Coroner?

Ang ilang kamatayan, katulad ng kasunod ng isang aksidente o dahil sa mga di-natural na sanhi (hal. pagkalason, pagpapakamatay), ay inaatasan ng batas na iulat sa hukuman at imbestigahan ng isang coroner. Ang anumang desisyon tungkol sa donasyon ay hindi makaka-impluwensya sa kung kinakailangan ang imbestigasyon ng coroner. Tatalakayin ng kawani ng ospital o espesyalista sa donasyon sa pamilya kung ang sitwasyon ng kamatayan ay nangangahulugang maaari itong iulat sa coroner.

Ang karamihan sa mga opisina ng coroner ng estado at teritoryo ay maaaring makapagbigay ng access sa mga tagapayo na makakapagbigay ng mas detalyadong impormasyon at suporta tungkol sa proseso kapag inaatas ang isang imbestigasyon ng coroner.

Maaari bang magbago ang isip ng pamilya tungkol sa kanilang desisyon sa donasyon?

Oo. Maaaring magbago ang isip ng pamilya tungkol sa donasyon sa anumang punto hanggang sa oras kung kailan dadalhin na ang tao sa silid ng operasyon.

Ano ang mga panrelihiyong opinyon tungkol sa donasyon?

Karaniwan ng mga pangunahing relihiyon ay sumusuporta sa donasyon ng organ at tissue. Kung may anumang katanungan ang pamilya na gusto nilang talakayin, maaaring makapagbigay ang kawanging espesyalista sa donasyon ng karagdagang impormasyon at tumulong sa kanila sa pagkontak sa lider ng kanilang relihiyon.

Inaasahan bang magbayad ang pamilya ng tao para sa gastos ng donasyon?

Hindi, walang pinansyal na gastos ang pamilya para sa donasyon. Kung nakatanggap ka ng anumang account na nauugnay sa donasyon ng organ at tissue, mangyaring kontakin ang ahensya sa donasyon ng iyong estado o teritoryo o coordinator ng donor.

Aling mga organ at tissue ang mapasasailalim sa donasyon?

Tatalakayin ng kawanging espesyalista sa donasyon sa pamilya kung aling mga organ at tissue ang posibleng mai-donate. Magdedepende ito sa edad, medikal na kasaysayan at sitwasyon ng pagkamatay ng tao. Hihilingin sa pamilya na kumpirmahin kung aling mga organ at tissue ang sasang-ayunan nila sa donasyon. Hihilingin sa kanila na pumirma ng form ng awtoridad na magdedetalye sa impormasyong ito.

May masasabi ba ang pamilya ng tao sa kung sino ang tatanggap ng mga organ at tissue?

Ang pagtatalaga ng organ at tissue ay pinagpapasiyahan ng mga pangkat ng transplant alinsunod sa mga pambansang protokol. Batay ito sa ilang kriterya, kabilang ang kung sino ang pinakamabuting tugma at mga waiting list, upang masiguro ang pinakamabuting posibleng kahihinatnan ng donasyon.

Talaga bang ita-transplant ang mga organ ng tao?

Kung sinusupportahan ng pamilya ang donasyon, gagawin ang lahat ng posible upang masiguro na matutupad ang mga kagustuhang iyon. Subalit, sa panahon ng donasyon, magiging malinaw na ang mga organ na nilalayo para sa donasyon ay hindi medikal na angkop para sa pagta-transplant. Tatalakayin ng kawaning espesyalista sa donasyon sa pamilya kung mangyayari ito.

Palagi bang matagumpay ang transplantasyon?

Kinikilala sa buong daigdig ang Australia dahil sa kanyang mga matatagumpay na transplant at pagkakaroon ng mahusay na pangmatagalang pagkabuhay ng mga tumatanggap ng donasyon. Ang karamihan sa mga tao na tumanggap ng transplant ay lubos na nakinabang at nagagawa nilang mamuhay nang ganap at aktibong mga buhay bilang resulta nito. Subalit, ang pagtatransplant ay hindi libre sa panganib kabilang ang operasyon ng pagta-transplant at ang nagpapatuloy na mga paggamot na kinakailangan pagkatapos ng pagta-transplant.

Tatanggap ba ang pamilya ng impormasyon tungkol sa mga pasyente na nakatanggap ng benepisyo mula sa donasyon?

Ang mga propesyonal ng kalusugan na sangkot sa donasyon at transplantasyon ay kailangang magpanatiling sekreto ang pagkakakilanlan ng mga donor at tumanggap ng donasyon alinsunod sa batas. Ang mga paunang kinalalabasan ay tatalakayin kasama ng pamilya, at ang pamilya ay maaaring makahiling ng karagdagang mga update mula sa DonateLife Agency. Ang mga pamilya ng donor at mga tumanggap ng transplant ay maaaring makasulat ng liham na walang pangalan sa isat isa sa pamamagitan ng ahensya ng donasyon ng estado o teritoryo at mga unit ng transplant.

Impormasyon at mga karaniwang tanong tungkol sa transplantasyon

Ang mga donasyon ng organ at tissue ay maaaring magligtas at makabuluhang makakabuti sa mga buhay ng maraming tao na may sakit o malapit nang mamatay. Para sa maraming tao na may malubha o kritikal na sakit na nauugnay sa pagkapalya ng organ, ang transplantasyon lang ng organ ang tanging pag-asa para sa isang malusog na buhay. Ang sumusunod na mga pahina ay magbibigay ng ilang impormasyon sa iba't ibang organ at tissue na maaaring mapasailalim sa donasyon, at ang mga dahilan kung bakit kailangan ng ilang tao ang transplant.

Donasyon ng puso

Ang puso ay bumubomba ng dugo sa palibot ng katawan, at ang dugo ay nagdadala ng oxygen sa lahat ng iba pang mga organ. Kung hindi makakapagbomba nang maayos ang puso, ang natitirang bahagi ng katawan ay mabilis na magkakasakit. Ang ilang taong may pagpalya sa puso, impeksyong dulot ng virus, o congenital na diperensya sa puso, ay nangangailangan ng transplant ng puso upang mabuhay. Ang mga transplant ng puso ay isinasagawa kapag ang lahat ng ibang anyo ng medikal na paggamot ay nabigo.

Ang mga artipisyal na puso ay maaaring gamitin pansamantala hanggang sa may makuhang puso ng tao. Kung hindi maitatransplant ang buong puso, maaari pa ring sumailalim sa donasyon ang mga balbula ng puso.

Donasyon ng бага

Ang mga bagay ay nagbibigay ng oxygen sa dugo at nagtatanggal ng carbon dioxide. Ang mga transplant ng бага ay kadalasang kinakailangan ng mga taong may cystic fibrosis o emphysema kung saan ang sarili nilang mga бага ay hindi makakapagbigay ng sapat na oxygen sa kanilang katawan. Ang dalawang бага ay maaaring sama-samang ita-transplant sa isang tatanggap ng donasyon o hiwalay at ita-transplant bilang mga solong бага sa dalawang tatanggap ng donasyon.

Maraming tao ang naniniwala na ang paninigarilyo ay hahadlang sa donasyon ng бага. Subalit, hindi ito totoo. May mga pagsusuri na maaaring gawin sa Intensive Care upang masuri kung gaano kahusay gumagana ang mga бага at ang mga resulta nito ang makapagtitiyak sa pagka-angkop para sa donasyon.

Donasyon ng kidney

Ang pangunahing tungkulin ng mga kidney ay ang pagsala ng mga produktong basura mula sa dugo. Kapag nakuha na ng katawan ang kinakailangan nito mula sa pagkain, ang mga basura ay ipinapadala sa dugo, isinasala ng mga kidney, at inilalabas mula sa katawan bilang ihi. Kung napinsala o nagkasakit ang mga kidney at hindi nito maayos na maisala ang dugo, natitipon ang mga basura sa dugo at pinipinsala nito ang katawan.

Ang mga taong may matinding pagpalya ng kidney ay napapasailalim sa dialysis, na sumasala sa mga produktong basura mula sa dugo kapag hindi na kaya ng mga kidney. Subalit, marami sa mga taong ito ay mangangailangan ng transplant sa kidney upang manatiling buhay. Ang dalawang kidney ay maaaring sama-samang ita-transplant sa isang tatanggap ng donasyon, o hiwalay at ita-transplant sa dalawang tao.

Donasyon ng atay

Ang atay ay isang kumplikadong organ na may maraming tungkulin. Ang pangunahing tungkulin nito ay mapanatili ang balanse ng mga sustansya (hal. glucose, mga bitamina at taba), tanggalin ang mga produktong basura at kontrolin ang pamumuo ng dugo. Ang mga taong may metabolikong sakit sa atay, Hepatitis B o C, at mga congenital na diperensya sa atay katulad ng Biliary Atresia ay lahat nangangailangan ng mga transplant sa atay upang manatiling buhay.

Ang atay ay isang natatanging organ dahil maaari itong muling lumaki. Ibig sabihin nito na ang atay ng taong nasa hustong gulang ay maaaring mabawasan ng sukat at itransplant sa isang maliit na bata kung saan lalaki ito kasama ng paglaki ng bata. Bilang alternatibo, maaari ring hatiin ang atay at itransplant sa dalawang tatanggap ng donasyon.

Donasyon ng lapay

Ang lapay ay naglalaman ng mga selyula na tinatawag na mga Islet na lumilikha ng insulin na kokontrol sa mga lebel ng asukal sa dugo ng katawan. Sa mga taong may Type-1 Diabetes, ang lapay ay lumilikha ng kaunti o walang insulin, at maaaring napakahirap na kontrolin ang mga lebel ng asukal sa dugo kahit pa may mga iniksyon ng insulin. Sa ngayon, ang karamihan ng mga transplant ng lapay ay isinasagawa sa mga tao na may Type 1 Diabetes, na maaari ring magdulot ng pagpalya ng kidney. Dahil dito, ang lapay ay kadalasang itina-transplant kasama ang kidney mula sa parehong donor.

Donasyon ng islet ng lapay

May mga panahon na hindi posible ang pagtransplant ng lapay bilang buong organ. Subalit, ang mga selyula ng islet ng mga lapay na lumilikha ng insulin ay maaaring itransplant nang hiwalay bilang paggamot para sa diabetes.

Donasyon ng tissue ng mata

Ang donasyon ng tissue ng mata ay maaaring magpahintulot ng transplantasyon ng corneo at sclera. Ang cornea ay malinaw na tissue na tumatakip sa may-kulay na bahagi ng mata. Pinapahintulutan nito ang ilaw na dumaan patungo sa retina, na nagbibigay sa paningin. Ang mga transplant ng cornea ay nagpapanumbalik sa paningin sa mga tao na bahagya o ganap na bulag dahil sa pinsala sa cornea dahil sa genetic na kondisyon, sakit o pinsala. Ang sclera ay ang puting bahagi na pumapaligid sa mata. Ang mga graft ng sclera ay isinasagawa upang maiwasan ang pagkabalug dahil sa pinsala o sa tao na tinanggalan ng kanser mula sa kanyang mata.

Donasyon ng buto

Ang tissue ng buto na ibinigay bilang donasyon ay maaaring i-graft upang palitan ang buto na nawala bilang resulta ng mga tumor o sa pamamagitan ng ibang sakit o mga aksidente. Ginagamit rin ito upang tulungan ang paggaling ng bali, palakas ang mga kapalit ng balakang at kasukasan ng tuhod, at upang ayusin ang pagkurbada ng gulugod (scoliosis) sa mga bata at mga tinedyer. Depende sa uri ng kinakailangang transplant, maaaring mapakinabangan ng higit sa sampung tao ang isang donasyon ng buto.

Donasyon ng balat

Ang mga taong dumanas ng malawak na trauma, impeksyon na puminsala o sumira sa balat, o malubhang pagkasunog na nangangailangan ng mga graft ng balat upang maging malusog muli.

Kapag ibinibigay ang balat bilang donasyon, ang isang manipis na sapin lang ang kinukuha, na parang katulad ng balat na natutuklap sa sunburn. Ito ay karaniwang kinukuha sa likod ng tao at sa likod ng kanilang mga binti. Karaniwan, ang balat mula sa tatlong donor ay kinakailangan para sa isang tatanggap ng donasyon.

Donasyon ng tissue ng puso

Kapag maaaring ibigay ang puso bilang isang buong organ, ang mga tissue ng puso ay maaari ring ibigay bilang donasyon nang hiwalay. Ang mga tissue ng puso na ibinigay bilang donasyon katulad ng mga balbula ng puso ay pangunahing ginagamit upang ayusin ang mga congenital na diperensya sa mga musmos na bata at mga sanggol. Ang tissue ay ginagamit rin upang palitan ang mga may-sakit na balbula sa mga taong nasa hustong gulang.

Pagpapasalamat

Gusto naming pasalamatang ang sumusunod na tao para sa kanilang mahalagang kontribusyon sa paglikha ng librong ito.

- Ang mga pamilya ng mga donor ng organ at tissue para sa kanilang tapang sa pagbahagi ng kanilang mga personal na karanasan.
- Ang mga tumatanggap ng transplant sa pagbahagi ng kanilang mga kuwento at mga salitang pasasalamat.
- Ang mga kinatawan ng Organ and Tissue Donation Agencies (Mga Ahensya sa Donasyon ng Organ at Tissue) kung saan ang sama-samang karanasan sa pagsuporta sa mga pamilya ng donor at mga tumatanggap ng donasyon ay tumulong sa paglikha at pagbibigay-anyo sa librong ito.

Lalo nang gusto naming kilalanin si Teresa Spencer Plane – isang tapapagbunsod sa kilusan ng modernong hospisy sa Australia, tagapayo sa nangungulila, at tagapagturo. Ang kanyang personal na karanasan sa donasyon ng organ ay nagbigay-inspirasyon sa kanya upang magsulat ng unang libro para sa mga pamilya ng mga donor na pinamagatang Caring Strangers (Nagmamalasakit na Estranghero). Ang kanyang dedikasyon ay nagbigay-inspirasyon sa amin upang punan ang kanyang orihinal na obra. Sa ngalan ng Network ng DonateLife, ang aming komunidad at mga tumatanggap ng transplantasyon ay nagpapasalamat sa iyong kabutihang-loob sa pag-iisip sa ibang tao.

**“Walang talagang salita
sa diksyonaryo na
angkop upang ilarawan
ang pasasalamat na
nararamdaman ko para sa
aming donor at kanyang
pamilya. Ang salamat
tila hindi sapat.”**

Ina ng tumanggap ng tissue ng bata





Kontakin

Organ & Tissue Authority (Awtoridad sa Organ at Tissue)

PO Box 802, Canberra ACT 2608

T (02) 6198 9800

E enquiries@donatelife.gov.au

www.donatelife.gov.au

 twitter.com/DonateLifeToday

 facebook.com/DonateLifeAustralia

 instagram.com/DonatelifeToday